


Oras na para gawin ang Iyong Taunang Medikal na Pagsusuri

Pagbubukas ng Pagpapa-enroll
ng Medicare

Oktubre 15—Disyembre 7



Medicare

Ang Pagbubukas ng Pagpapa-enroll sa Medicare ay mula Oktubre 15—Disyembre 7

Ang Open Enrollment ay ang iyong pagkakataon upang suriin ang iyong Medicare na pangkalusugan o gamot na saklaw at magpasya kung nais mong gumawa ng mga pagbabago. Tandaan, maaaring magbago bawat taon ang mga gastos at benepisyo ng Medicare. Ang paghahambing ng iyong mga opsyon ay maaaring makatulong sa iyo na makahanap ng mas magandang coverage o makatipid ng pera.

Mayroong 2 pangunahing paraan upang makuha ang iyong Medicare coverage:

- **Orihinal na Medicare:** Part A (Insurance sa Ospital) at Part B (Insurance sa Medikal). Mayroon ka ring opsyon na sumali sa hiwalay na planong gamot ng Medicare upang magkaroon ng saklaw sa gamot (Part D).
- **Medicare Advantage (Part C):** Mga planong aprubado ng Medicare mula sa mga pribadong kumpanya na pinagsasama ang iyong Part A, Part B, at kadalasan Part D sa iisa.

Sa panahon ng Open Enrollment, maaari kang sumali, magpalit, o mag-drop ng isang Medicare Advantage Plan o Medicare drug plan, magpalit sa Orihinal na Medicare, o panatilihin ang iyong kasalukuyang coverage. Kung napag-aralan mo na ang iyong mga pagpipilian at masaya ka na sa iyong kasalukuyang coverage, wala kang kailangang gawin.

Sa panahon ng Open Enrollment, maaaring makatanggap ka ng maraming sulat mula sa mga kumpanya na nag-aalok ng mga produktong Medicare. Tandaan, [Medicare.gov](https://www.medicare.gov), ang “Medicare & You” handbook, at 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) ay ang iyong opisyal na mga mapagkukunan ng walang pinapanigan na impormasyon.

Paano ako magsisimula?

1. Suriin ang anumang impormasyon na makukuha mo mula sa iyong kasalukuyang plano, kabilang ang liham na “Taunang Paalala ng Pagbabago”, upang malaman kung paano maaaring magbago ang mga gastos at benepisyo sa 2025.
2. Humanap ng listahan ng mga plano sa iyong lugar. Makikita mo ito sa pinakabagong bersyon ng iyong “Medicare & You” handbook o sa pamamagitan ng pagbisita sa [Medicare.gov/plan-compare](https://www.medicare.gov/plan-compare). Maaaring makahanap ka ng mga plano sa iyong lugar na:
 - Mas mababa ang halaga
 - Takpan ang iyong mga gamot na may reseta
 - Payagang gamitin mo ang mga provider na gusto mo, tulad ng iyong doktor o botika
 - Mag-alok ng ilang karagdang benepisyo, tulad ng paningin, pandinig, dental, at iba pa

Maaari mo ring gamitin ang [Medicare.gov/plan-compare](https://www.medicare.gov/plan-compare) upang:

- Ihambing ang mga plano sa kalusugan at gamot nang magkatabi
- Kumuha ng mga pagtatantiya ng iyong mga sariling gastos
- Makahanap ng mga rating ng kalidad at serbisyo sa customer mula sa kasalukuyang mga miyembro ng plano
- Kumuha ng nakaangkop na impormasyon tungkol sa coverage at gastos para sa iyong mga napiling botika at anumang reseta na iyong iniinom

Paano ako sasali o lilipat ng plano?

Upang sumali sa bagong plano:

- Piliin ang “Magpa-enroll” para sa planong nais mong salihan sa [Medicare.gov/plan-compare](https://www.medicare.gov/plan-compare).
- Bisitahin ang website ng plano o tawagan sila nang direkta. Maaari ka ring humingi ng papel na form upang sagutan at ipadala pabalik sa plano (dapat matanggap nila ang iyong form bago ang Disyembre 7).

Paano ako makakakuha ng tulong sa paghahambing ng mga plano?

- **Tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227). Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.** Narito kami upang tumulong 24 oras sa isang araw, kabilang ang mga weekend. Kung kailangan mo ng tulong sa ibang wika bukod sa Ingles o Espanyol, ipaalam ito sa kinatawan ng serbisyo sa customer.
- **Tawagan ang iyong State Health Insurance Assistance Program (SHIP) para makakuha ng libre, personalized, at walang kinikilingang pagpapayo sa insurance sa kalusugan.** Bisitahin ang shiphelp.org upang makuha ang numero ng telepono para sa iyong lokal na SHIP.

Paano ako makakakuha ng tulong sa pagbabayad ng aking mga gastusin sa Medicare?

Kung kailangan mo ng tulong sa pagbabayad ng iyong mga premium sa Medicare at iba pang mga gastusin, bisitahin ang Medicare.gov/basics/costs/help upang malaman ang tungkol sa mga programang maaaring makatulong sa iyo. Ang ilan sa mga programang ito ay kinabibilangan ng:

Karagdagang Tulong: Tinutulungan ang mga taong may limitadong kita at mapagkukunan na magbayad para sa Medicare na saklaw ng gamot (Part D). Bisitahin ang Medicare.gov/basics/costs/help/drug-costs upang matuto nang higit pa. Maaari ka ring mag-apply sa ssa.gov/medicare/part-d-extra-help.

Mga Programa sa Pagtitipid ng Medicare: Saklaw ang Premiuns ng Part A at/o Part B para sa mga taong may limitadong kita at pinagkukunan. Bisitahin ang Medicare.gov/basics/costs/help/medicare-savings-programs para sa karagdagang detalye.

Plano ng Pagbabayad para sa Reseta ng Medicare: Binibigyan ka ng opsyon na hatiin ang iyong gastos sa gamot sa mga buwanang bayad sa buong taon kung mayroon kang Part D coverage. Ang opsyon ng pagbabayad na ito ay magsisimula sa 2025 at ito ay boluntaryo at libre. Makipag-ugnayan sa iyong plano o bisitahin ang Medicare.gov/prescription-payment-plan upang malaman pa.

Mahalagang mga petsa ng Medicare

Ika-1 ng Oktubre—Maghanda para sa Open Enrollment

Suriin ang anumang mga paalala mula sa iyong kasalukuyang plano tungkol sa mga pagbabago sa gastos at benepisyo para sa susunod na taon. Pagkatapos, bisitahin ang Medicare.gov/plan-compare upang maghanap at magkumpara ng mga plano na akma sa iyong pangangailangan.

Oktubre 15—Nagsisimula ang Open Enrollment

Ito ang nag-iisang panahon ng taon kung kailan lahat ng may Medicare ay maaaring magbago ng kanilang health at drug coverage para sa susunod na taon.

Disyembre 7—Nagtatapos ang Open Enrollment

Sa karamihan ng mga kaso, ito ang huling araw na maaari mong baguhin ang iyong Medicare coverage para sa susunod na taon. Ang isang health o drug plan ay dapat matanggap ang iyong enrollment form bago ang Disyembre 7.

Enero 1—Nagsisimula ang saklaw

Kung lilipat ka sa bagong plano sa kalusugan o gamot, magsisimula ang iyong bagong saklaw sa Enero 1. Kung panatilihin mo ang iyong kasalukuyang coverage, anumang pagbabago sa mga benepisyo o gastos para sa bagong taon ay magsisimula rin sa Enero 1.

Nagbabago ang saklaw pagkatapos ng Enero 1

Sa pagitan ng Enero 1-Marso 31, kung ikaw ay nasa Medicare Advantage Plan, maaari mong iwanan ang iyong plano at lumipat sa ibang Medicare Advantage Plan na mayroon o walang saklaw ng gamot, o sa Orihinal na Medicare. Kung lilipat ka sa Orihinal na Medicare, magkakaroon ka rin ng opsyon na sumali sa isang plano ng gamot sa Medicare. Magsisimula ang iyong coverage sa unang araw ng buwan pagkatapos matanggap ng plano ang iyong form ng pagpapa-enroll.



Medicare

May karapatan kang makakuha ng impormasyon ng Medicare sa isang naa-access na format, tulad ng malaking print, braille, o audio. May karapatan ka ring magsampa ng reklamo kung sa tingin mo ay nadiskrimina ka. Bisitahin ang **[Medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice](https://www.medicare.gov/about-us/accessibility-nondiscrimination-notice)**, o tumawag sa 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227) para sa karagdagang impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring tumawag sa 1-877-486-2048.

Ang produktong ito ay ginawa sa gastos ng nagbabayad ng buwis sa U.S.